Dead Ends TO Doorways

# Estratehikong Pagpapadala



## WARM-UP

- Ano ang pinakamagandang kwento na narinig mo? Gusto mo rin ba itong ibahagi sa iba?
- Natutuwa ka bang magbiyahe o mas gusto mong manatili sa iyong siyudad? Bakit?
- Kung maaari kang pumunta nang paulit-ulit sa isang bansa, saan ka pupunta? Ano ang kaibahan nito sa iba pang mga bansa?

## WORD

*"Ngunit pagdating ng Banal na Espiritu sa inyo, bibigyan niya kayo ng kapangyarihan. At ipapahayag ninyo ang mga bagay tungkol sa akin, mula rito sa Jerusalem hanggang sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa buong mundo."* **MGA GAWA 1:8**

Bago Siya umakyat sa langit, ibinigay ni Jesus sa Kanyang mga disipulo ang utos na puntahan ang lahat ng mga lahi at gawin silang mga tagasunod Niya. Tinawag sila ni Jesus na pumunta sa iba't ibang mga bayan at magbigay ng patotoo tungkol sa Kanya. Ito ang magsisilbing pintuan para maipangaral ang ebanghelyo *sa buong mundo*. Nang ipadala sila ni Jesus sa buong mundo, sinabihan Niya silang hintayin ang pangako ng Banal na Espiritu, na matatanggap nila. Sa araw na ito, pag-uusapan natin ang mga pwede nating matutunan mula sa talatang ito, habang sumusunod tayo sa tawag ng Diyos na pumunta sa iba't ibang lugar.

## 1 Tinatawag ng Diyos ang Kanyang mga disipulo na pumunta sa iba't ibang lugar at mangaral nang kasama ang Kanyang presensya.

*"Ngunit pagdating ng Banal na Espiritu sa inyo, bibigyan niya kayo ng kapangyarihan. . . ."* **MGA GAWA 1:8**

(Basahin din ang **MGA GAWA 1:4–5.**)

Nang tawagin ng Diyos ang Kanyang mga disipulo para ipalaganap ang ebanghelyo, hindi Niya sila pinapunta sa mga bayan nang mag-isa. Sa katunayan, nangako Siya na kasama nila ang Kanyang presensya at kapangyarihan sa pamamagitan ng Banal na Espiritu. Magagawa natin ang tawag ng Diyos na ipangaral ang ebanghelyo dahil alam natin na kasama natin ang Kanyang presensya kung tayo man ay pupunta sa ibang lugar para mangaral o mananatili sa kung nasaan tayo ngayon. Paano mo naranasan ang presensya ng Diyos sa lugar na kinalalagyan mo ngayon?

## 2 Tinawag ng Diyos ang Kanyang mga disipulo na pumunta sa iba't ibang lugar at ipangaral ang ebanghelyo.

*". . . At ipapahayag ninyo ang mga bagay tungkol sa akin, mula rito sa Jerusalem hanggang sa buong Judea at Samaria . . ."*
**MGA GAWA 1:8**

Ang tawag ng Diyos na ipahayag ang ebanghelyo ay para sa lahat ng Kanyang mga disipulo, kabilang tayong mga disipulo ngayon. Ang iba sa atin ay tinawag upang ipahayag ang ebanghelyo sa ating mga komunidad. Pero sinasagot ng iba ang tawag na ito sa pamamagitan ng paggawa ng pangmatagalan at madiskarteng plano para maipangaral ang ebanghelyo sa iba't-ibang lungsod at bansa. Saan man tayo naroon, tayo ay tinawag upang ipahayag ang ebanghelyo. Anu-anong mga oportunidad para sa pagpapahayag ng ebanghelyo ang nakikita mo sa loob at labas ng iyong komunidad ngayon?

### 3 Tinawag ng Diyos ang Kanyang mga disipulo na pumunta at mangaral sa buong mundo.

*". . . At ipapahayag ninyo ang mga bagay tungkol sa akin, mula rito sa Jerusalem hanggang sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa buong mundo."* **MGA GAWA 1:8**

Malinaw na sinabi ng Diyos kung sino ang mga dapat makarinig ng ebanghelyo. Nagpapadala Siya ng mga taong magpapahayag ng ebanghelyo hanggang sa marinig ito ng bawat tao sa buong mundo. Walang lugar sa mundo na hindi kasama sa utos na ito ng Diyos. Kaya naman bilang isang iglesya, nagpapadala tayo ng mga misyonaryo na pumupunta sa lahat ng bahagi ng mundo. Pero kasama tayong lahat sa tawag na ito. Tinatawag tayo ng Diyos upang lumabas sa ating mga *comfort zone* o mga lugar na maginhawa para sa atin upang ipangaral ang ebanghelyo. Naipangaral mo na ba ang ebanghelyo sa mga lugar na hindi maginhawa para sa iyo? Ano ang naging resulta nito?

..............................................................................................................................................

..............................................................................................................................................

Anuman ang ginagawa natin, ito man ay ang pagdarasal para sa ating mga *cross-cultural missionary* at ang mga lugar kung nasaan sila, pagsuporta sa kanilang gawain sa pamamagitan ng pagbibigay, o pagpunta sa iba't ibang bansa, hindi natin ito dapat na ginagawa nang mag-isa. Ipinangako ni Jesus na kasama natin Siya hanggang sa dulo ng panahon, at tumawag din Siya ng iba pa para maisagawa natin ang misyong ito nang magkakasama.

## APPLICATION

- Kung ito ang unang pagkakataon na narinig mo ang tawag ng Diyos na ipangaral ang ebanghelyo sa buong mundo, ano ang isang bagay na naunawaan mo? Paano mas lalalim ang pakikibahagi mo sa tawag ng Diyos sa iyong buhay ngayong linggo?
- Saan at paano ka tinawag ng Diyos na makibahagi sa Kanyang misyon sa panahong ito? Manalangin at hilingin sa Diyos na patuloy na ipakita sa iyo ang Kanyang tawag at layunin para sa buhay mo.
- Hilingin sa Diyos na bigyan ka ng bansa na maipagdarasal mo. Mangakong ipagdarasal mo ang bansang ito, na maraming mga misyonaryo ang maipapadala dito, maipapangaral ang ebanghelyo, at magbabago ang buhay ng mga tao.

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa pagpapadala Niya ng Kanyang mga disipulo upang maipahayag ang ebanghelyo sa buong mundo. Pasalamatan Siya sa pagpapadala Niya ng ebanghelyo sa iyo at sa iyong komunidad.
- Ipanalangin na malinaw kang makarinig mula sa Diyos sa pagsagot mo sa Kanyang tawag na ipahayag ang ebanghelyo at suportahan ang mga misyonaryong ipinapadala sa iba't ibang bansa.
- Hingin sa Diyos na ipakita sa iyo ang bansa o komunidad na maipagdarasal mo ngayong linggo.

VICTORY
Honor God. Make Disciples.

© 2023 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Daisy Cayos, Esther Suson

victory.org.ph